# PAUNAWA SA MGA BOTANTE TUNGKOL SA PETSA NG PAGTATAPOS NG PAGHAHARAP SA KLERK NG LUNSOD NG MGA PANGANGATWIRANG PANIG SA O LABAN SA ISANG PANUKALA NG LUNSOD

SA PAMAMAGITAN NITO AY IBINIBIGAY ANG PAUNAWA na gaganapin ang Pangkalahatang Halalang Munisipal sa Lunsod ng National City, California, sa Martes, Nobyembre 5, 2024, na kung saan ihaharap sa mga botante ang (mga) sumusunod na panukala:

| | |
|---|---|
| Dapat bang ipagtibay ang Panukala na magdaragdag ng Espesyal na Buwis sa Parsela sa Lunsod ng National City na gagamitin sa mga kalye at parke, na ibabatay ang sisingilin sa katangian ng ari-arian at hindi sisingilin ang ilang partikular na uri ng mga ari-arian, na kokolektahin simula sa 2025, at magpapatuloy hanggang sa ipawalang-bisa ng mga botante, na mayroong komite ng nagbabantay, na lilikom ng tinatantiyang $1.7 miyong dolyar taon-taon? | Oo |
| | Hindi |

IBINIBIGAY PA ANG PAUNAWA na alinsunod sa Artikulo 4, Kabanata 3, Dibisyon 9 ng Kodigo ng mga Halalan ng Estado ng California, ang konseho ng tagapagbatas ng Lunsod, o sinumang miyembro o mga miyembro nito na inawtorisahan ng konseho, o sinumang indibidwal na botante o tunay na kapisanan ng mga mamamayan, o anumang pinagsamang mga botante at kapisanan, ay maaaring maghain ng pasulat na pangangatwiran, na hindi lalampas sa 300 salita ang haba, na kasama ang (mga) malinaw na nakasulat na pangalan at (mga) lagda ng (mga) may-akda na maghaharap nito, o kung ihaharap sa ngalan ng isang organisasyon, ang pangalan ng organisasyon, at ang malinaw na nakasulat na pangalan at lagda ng kahit isa sa mga pangunahing opisyal nito na siyang may-akda ng pangangatwirang panig sa o laban sa (mga) panukala ng Lunsod.

IBINIBIGAY PA ANG PAUNAWA na, batay sa oras na makatwirang kinakailangan upang ihanda at ilimbag ang mga pangangatwiran at Patnubay na Impormasyon para sa Botante para sa halalan, itinalaga ng Klerk ng Lunsod ang Huwebes, Hulyo 18, 2024, sa mga normal na oras ng opisina, gaya ng inianunsyo, bilang ang pesta ng pagtatapos ng paghahain sa klerk ng mga pangagatwirang panig sa o laban sa (mga) panukala ng Lunsod para sa paglilimbag at pamamahagi sa mga botante gaya ng isinasaad sa Artikulo 4. Ihaharap ang mga pangangatwiran sa Klerk ng Lunsod, kasama ang (mga) malinaw na nakasulat na pangalan at (mga) lagda ng (mga) may-akda na naghaharap nito, o kung ihaharap sa ngalan ng isang organisasyon, ang pangalan ng organisasyon, at ang malinaw na nakasulat na pangalan at lagda ng kahit isa sa mga pangunahing opisyal nito na siyang may-akda ng pangangatwiran, sa Tanggapan ng Lunsod, National City, California. Maaaring baguhin o bawiin ang mga pangangatwiran hanggang sa at maging sa mismong petsang itinalaga ng Klerk ng Lunsod.

IBINIBIGAY PA ANG PAUNAWA na nagpasya ang konseho ng lunsod na ang mga sagot na pangangatwiran, na hindi lalampas sa 250 salita ang haba, gaya ng isinusumite ng mga may-akda ng magkakasalungat na direktang pangangatwiran, ay maaaring ihain sa klerk, kasama ang (mga) malinaw na nakasulat na pangalan at (mga) lagda ng (mga) may-akda na naghaharap nito, o kung ihaharap sa ngalan ng isang organisasyon, ang pangalan ng organisasyon, at ang malinaw na nakasulat na pangalan at lagda ng kahit isa sa mga pangunahing opisyal nito na siyang may-akda ng pangangtwiran, nang hindi lalampas sa 10 araw pagkalipas ng pinal na petsa para sa paghahain ng mga direktang pangangatwiran. Ang huling araw ay Lunes, Hulyo 29, 2024.

IBINIBIGAY PA ANG PAUNAWA na ang anumang ordinansa, walang-pinapanigang pagsusuri, o direktang pangangatwiran na iniharap sa ilalim ng awtoridad ng kodigo ng mga halalan ay maaaring siyasatin ng publiko sa opisina ng klerk sa loob ng hindi bababa sa 10 araw sa kalendaryo mula sa huling araw para sa paghahain ng pangangatwiran at (mga) pagsusuri. Ang anumang sagot na pangangatwiran na inihain sa ilalim ng awtoridad ng kodigo ng mga halalan ay maaaring siyasatin ng publiko sa opisina ng klerk sa loob ng hindi bababa sa 10 araw sa kalendaryo mula sa huling araw para sa paghahain ng mga sagot na pangangatwiran.

Shelley Chapel, MMC
Klerk ng Lunsod/Opisyal ng mga Halalan

Nilagyan ng Petsa: Hulyo 5, 2024